## Ano ang Mangyayari Kapag Humiling Ka ng Pagdinig para sa Pagsuporta sa Anak

- Ang anumang panig ay puwedeng humiling kapag sinubukan ng Dibisyon ng Pagsuporta sa Anak (Division of Child Support, DCS) na magtaguyod, magpatupad, o magbago ng pagsuporta sa anak. Ang pagdinig ay pinapangasiwaan ng independiyente at walang pinapanigang hukom sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings, OAH).

- Magpapadala sa iyo ang OAH ng Abiso sa Pagdinig na naglalaman ng petsa, oras, at lokasyon ng iyong pagdinig. Karaniwang umaabot nang mga 60 minuto ang mga pagdinig. (Magplano para sa posibilidad na umabot nang 90 minuto.)

Sabihin kaagad sa OAH kung magbabago ang iyong address o numero ng telepono.

## Paano Maghanda para sa Iyong Pagdinig para sa Pagsuporta sa Anak

- Magagawa mong katawanin ang iyong sarili sa pagdinig o pumili ng abogado o sinumang iba pang tao na kakatawan sa iyo. (Hindi ka puwedeng pumili ng empleyado ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Department of Social and Health Services, DSHS). Responsibilidad mo ang anumang bayaring isisingil ng iyong abogado.

- Ang DCS ay kakatawanin ng abogado ng claims officer. Ang claims officer ay magpapadala sa iyo ng packet ng pagdinig na naglalaman ng mga dokumentong ibinigay ng mga panig. Basahin nang mabuti ang packet ng pagdinig at dalhin ito sa pagdinig.

- Kung mayroon kang mga dokumentong gustong ipakita sa hukom, pakipadala ang mga ito sa OAH. Kung ang mga dokumento ay naglalaman ng impormasyon na ayaw mong malaman ng iba pang panig, i-delete ang impormasyon bago ipadala ang mga dokumento. (Halimbawa, i-delete ang mga address, numero ng telepono, numero ng Social Security, numero ng bank account, atbp.) Mga halimbawa ng mga dokumento na gusto mong ipakita sa hukom:
  - Mga form ng tax return at W-2
  - Mga Worksheet para sa Pagsuporta sa Anak
  - Mga kautusan ng hukuman na nakakaapekto sa iyong mga anak
  - Mga kasalukuyang pay stub, statement ng benepisyo, o mga rekord ng pagbabayad na tulong para sa kapansanan.
  - Mga medikal na gastusin o mga gastusin sa insurance sa kalusugan para sa mga anak
  - Katibayan ng anumang suportang binayaran.

Ang iyong pagdinig ay sa telepono.

- Kung mayroon kang restraining order, sabihin kaagad sa OAH at DCS.

- Kung kailangan mo ng interpreter, maglalaan nito ang OAH para sa iyo nang libre. Kung mayroon kang kapansanan, puwede kang humiling ng tulong para masuportahan ka sa paglahok sa pagdinig. Puwede

kang humiling ng interpreter o tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan ng OAH kapag nakatanggap ka ng Abiso sa Pagdinig.

- Kung kailangan mong humiling ng pagpapapalit sa oras o petsa ng iyong pagdinig, makipag-ugnayan sa claims officer at OAH sa lalong madaling panahon. Ang hukom lang ang puwedeng magpahintulot ng pagpapalit sa iyong nakaiskedyul na oras ng pagdinig. Bago gumawa ng pasya, gugustuhin ng hukom na malaman kung sumasang-ayon o hindi ang iba pang panig sa iyong kahilingan.
    - Puwedeng tanggihan ng hukom ang iyong kahilingan kung wala kang katanggap-tanggap na dahilan para sa pagpapalit.
    - Kung babaguhin ng hukom ang oras ng pagdinig, itabi ang packet ng pagdinig para magamit sa pagdinig na may bagong iskedyul.
    - Kung magbibigay ng bagong oras ngunit walang naitaguyod na pagsuporta sa anak, puwedeng hilingin ng isang panig sa hukom na mag-isyu ng pansamantalang kautusan para sa pagsuporta sa anak.
    - Kung interesado kang magsagawa ng legal na pananaliksik, may mga link na available sa www.oah.wa.gov at www.washingtonlawhelp.org.

**Manood ng video ng sample na pagdinig ng OAH sa www.oah.wa.gov**
(Available sa English at Spanish)

- Narito ang mga opsyon para sa mas murang legal na tulong:

| Pangalan ng Resource | Numero ng Telepono | Website |
|---|---|---|
| Organisadong Edukasyon, Payo at Referral na may Kaugnayan sa Batas (Coordinated Legal Education, Advice and Referral, CLEAR): Sa County ng King<br>CLEAR: Sa labas ng County ng King | Tumawag sa 211<br>888-201-1014 | www.resourcehouse.com/win211 |
| Proyekto para sa Beterano | 855-657-8387 | http://nwjustice.org/veterans |
| WA State Bar Association | | http://www.wsba.org/Resources-and-Services/Find-Legal-Help |
| Moderate Means Program | 855-741-6930 | http://www.wsba.org/Legal-Community/Volunteer-Opportunities/Public-Service-Opportunities/Moderate-Means-Program |

**Puwede kang makipag-ugnayan sa claims officer ng DCS kung gusto mong subukang iareglo ang iyong kaso bago ang pagdinig, o kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga panuntunan. Hindi puwedeng magbigay sa iyo ng legal na payo ang kinatawan.**

Paano Lumahok sa Iyong Pagdinig para sa Pagsuporta sa Anak

- Sundin ang mga tagubilin sa Abiso sa Pagdinig. Tatawagan ka ng claims officer sa petsa at oras ng pagdinig. Kung hindi ka sasagot at lalahok, posibleng mawala ang iyong karapatan sa pagdinig. Posibleng magpatuloy ang pagdinig nang wala ka.

    - Sa abiso, posibleng may tagubilin para sa iyo na ibigay ang numero ng telepono kung saan ka puwedeng makaugnayan.
    - Malakas dapat ang signal ng telepono mo.
    - Pakitandaan na dapat ay nakakatanggap ka ng mga tawag mula sa isang naka-block na caller ID.

- Puwedeng makipag-usap ang claims officer sa mga panig para subukang lutasin ang mga isyu.

    - Kung magkakasundo ang mga panig, ang claims officer ay tatawag at hihiling sa hukom na aprubahan ang kasunduan.

    - Kung hindi magkakasundo ang mga panig, ang claims officer ay tatawag at magsasabi sa hukom na handa na ang mga panig na simulan ang pagdinig.

        - Ang mga halagang tinalakay sa claims officer ay posibleng iba sa mga halaga na iuutos ng hukom kapag pinagpapasyahan ang iyong kaso.

- Kung pinaplano mong gumamit ng saksi, siya ay tetestigo sa iyong nakaiskedyul na oras ng pagdinig. Kunin ang numero kung saan puwedeng makaugnayan ang iyong saksi. Sabihin sa iyong saksi ang oras at petsa ng pagdinig at kung paano lalahok. Sabihin sa iyong saksi na dapat ay malakas ang signal ng kanyang telepono at dapat ay nakakatanggap ng mga tawag mula sa isang naka-block na caller ID ang kanyang telepono.

- Ire-record ng hukom ang pagdinig. Sisimulan ng hukom na tukuyin ang mga isyu kasama ang mga panig at ilalarawan niya ang mangyayari sa pagdinig. Susuriin ng hukom ang packet ng pagdinig (at iba pang dokumentong natanggap) at magpapasya siya kung ano ang papayagang gamitin na katibayan.

- Ang claims officer ang karaniwang unang nagpepresenta ng kaso ng DCS. Puwedeng tawagin ng bawat panig ang kanilang mga sariling saksi at kinukuwestiyon nila ang mga saksi na tinawag ng iba pang panig. Tumetestigo ang mga saksi sa ilalim ng panunumpa o pagpapatunay. Puwede ring magtanong ang hukom.

- Pagkatapos ng pagdinig, ang hukom ay gagawa ng pasya na ipapadala sa iyo humigit-kumulang 21 araw pagkatapos ng pagsasara ng pag-record ng pagdinig.

- Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya, nasa dulo ng kautusan ng hukom ang mga tagubilin para maiapela ang pasya.